# Anunsyo Tungkol sa Sistema ng Suporta para sa Pagpasok sa Paaralan (School Year 2025)

Yokohama City Board of Education

May sistema sa Yokohama City na nagbibigay ng suporta tulad ng pambayad sa school supplies, school trip, pagkain sa paaralan, atbp. sa **mga taong dulot ng pinansyal na kadahilanan ay nahihirapan** na papasukin ang kanilang anak sa elementarya, junior high school o integrated school upang hikayatin ang pagpasok ng kanilang anak sa paaralan.

Kung nais ninyong makatanggap ng suporta, inyong basahin ang sumusunod na paliwanag, at ipasa ang application form sa paaralang pinapasukan ng inyong anak.

## 1 Mga Makatatanggap ng Suporta

| Mga Dahilan ng Pagtanggap | |
|---|---|
| ① **Mga Tumatanggap ng Pampublikong Tulong** | (Para lamang sa taong gaganapin ang field trip at sa mga hindi pa nakatatanggap ng suporta para sa edukasyon.) |
| ② **Mga Hindi na Nakatatanggap ng Pampublikong Tulong Matapos ang Abril 2024** | (Maliban sa mga napawalang-bisa dahil sa pagbabago ng miyembro ng sambahayan.) |
| ③ **Mga Tumatanggap ng Child-Rearing Allowance** | (Ito ay naiiba sa Child Allowance at Special Child-Rearing Allowance.<br>Mag-iiba rin ang panahon ng sertipikasyon kung sakaling magsimula ang pagbigay sa kalagitnaan ng school year.) |
| ④ **Mga Iba pang Naghihirap sa Kanilang Pinansya** | (Mga kumikita ng mas mababa kaysa sa pamantayan. Kami ay magsasagawa ng pagsisiyasat ng kita.)<br>Mangyari lamang na sumangguni sa pahina 2 para sa mga detalye. |

## 2 Uri ng Suporta at Nakatakdang Halagang Ibibigay (Taunang Halaga)

*Ang mga halagang nakatala sa ibaba ay estimasyon lamang. Maaaring maiba sa aktwal na halagang ibibigay.

| Uri ng Suporta | | Pambayad sa Paghahanda sa Pagpasok sa Paaralan *1 | Pambayad sa School Supplies, Atbp. *2 | Pambayad sa mga Extracurricular Activity na may Kasamang Overnight *3 | Pambayad sa mga School Trip | Pambayad sa mga Club Activity *4 | Pambayad sa Graduation Album, Atbp. | Pambayad sa Pagkain sa Paaralan *5 | Pambayad sa Paggamot ng mga Sakit sa Paaralan *6 | Kontribusyon ng mga Tagapangalaga sa Japan Sport Council |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Elementarya | 1 Baytang | 64,300 yen *Para lamang sa mga hindi pa nakatatanggap ng suporta bago pumasok sa elementarya | 16,680 yen (5,560 yen bawat trimester) | Sakop ng subsidiya sa Aktwal na gastusin (3,690 yen ang limitasyon) | Sakop ng subsidiya sa aktwal na gastusin *beses lamang sa kabuuan ng 6 na taon | Sakop ng subsidiya sa aktwal na gastusi (2,760 yen ang limitasyon) | — | Ibibigay ang aktwal na pagkain | Aktwal na gastusin *Ibibigay ng bawat paaralan ang mga medical voucher base sa mga aplikasyon | Sa pangkalahatan, hindi kailangang magbayad ng premium ng mga nag-apply at naaprubahan sa unang panahon ng aplikasyon. |
| | 2 - 5 Baytang | — | 18,950 yen (6,316 yen bawat trimester) | | | | | | | |
| | 6 Baytang | 81,000 yen (Kasama ang halaga ng ibibigay na payment coupon) | | | | | 11,000 yen | | | |
| | Mga Tumatanggap ng Suporta para sa Edukasyon | — | — | — | | — | | — | | |
| Junior High School | 1 Baytang | 81,000 yen *Para lamang sa mga hindi tumanggap ng suporta noong ika-6 na baytang ng elementarya | 30,200 yen (10,064 yen bawat trimester) | Sakop ng subsidiya sa Aktwal na gastusin (6,210 yen ang limitasyon) | Sakop ng subsidiya sa aktwal na gastusin *1 beses lamang sa kabuuan ng 3 taon (60,910 yen ang limitasyon kung sa labas ng bansa) | 30,150 yen (10,048 yen bawat trimester) | — | Ibibigay ang aktwal na pagkain | | |
| | 2 Baytang | — | 32,470 yen (10,820 yen bawat trimester) | | | 20,100 yen (6,700 yen) bawat trimester | | | | |
| | 3 Baytang | | | | | 10,050 yen (3,348 yen) bawat trimester | 8,800 yen | | | |
| | Mga Tumatanggap ng Suporta para sa Edukasyon | — | — | — | | — | | — | | |

*1 Ang "Pambayad sa Paghahanda sa Pagpasok sa Paaralan" ay ibibigay lamang sa mga mag-aaral sa ika-1 baytang ng elementarya o junior high school na may bisa ang sertipikasyon mula noong Abril.

Hindi mabibigyan ng Pambayad sa Paghahanda sa Pagpasok sa Paaralan ang mga nakatanggap na nito para sa elementarya bago pumasok sa elementarya o para sa junior high school noong sila ay nasa ika-6 na baytang ng elementarya. **Mag-apply kayong muli para sa Suporta para sa Pagpasok sa Paaralan kahit na aprubado na ang inyong aplikasyon para sa Pambayad sa Paghahanda sa Pagpasok sa Paaralan para sa elementarya kung kinakailangan ninyo ng ibang pang uri ng suporta. Gayunpaman, maaari ring hindi ito maaprubahan.**

*2 Kasama sa "Pambayad sa School Supplies" ang pambayad sa mga extracurricular activity na walang kasamang overnight, pambayad sa mga kagamitang pang-commute (maliban sa mga tumatanggap ng Pambayad sa Paghahanda sa Pagpasok sa Paaralan), kontribusyon para sa PTA at kontribusyon para sa school council. Babawasan ang ibibigay sa inyong subsidiya kung hindi aabot ng 1 taon ang kwalipikasyon dahil kakalipat lamang ninyo galing sa labas ng lungsod sa kalagitnaan ng school year, atbp.

*3 Ibibigay ang “Pambayad sa mga Extracurricular Activity na may Kasamang Overnight” ng hindi hihigit sa aktwal na halagang babayaran ng tagapangalaga para sa pamasahe at field trip.

*4 Ang “Pambayad sa mga Club Activity” ng elementarya ay ibibigay para sa mga gastusin sa mga materyales, atbp. na kinokoleka ng paaralan.

*5 Hindi sakop ng “Pambayad sa Pagkain sa Paaralan” ang mga panahong nakatigil ang paghain ng pagkain sa paaralan (dahil sa summer vacation, pag-ayos ng kantina, atbp.).
Para sa “Pambayad sa Pagkain sa Paaralan” ng elementarya at junior high school, ibibigay nang walang bayad ang pagkain sa paaralan matapos maaprubahan ang Suporta para sa Pagpasok sa Paaralan. Mangyari lamang na tingnan ang “8 Tungkol sa Pagkain sa Paaralan sa Elementarya” at “9 Tungkol sa Pagkain sa Paaralan sa Junior High School” para sa mga detalye.

*6 Kailangan ang medical voucher na ibibigay ng bawat paaralan para sa pagpapagamot ng mga sakit sa paaralan na tinutukoy ng “Pambayad sa Paggamot ng mga Sakit sa Paaralan (trachoma, conjunctivitis, ringworm, scabies, mamaso, pamamaga ng eardrum, chronic sinusitis, adenoids, tooth decay, sakit na parasitiko). Mangyari lamang na kumonsulta sa inyong paaralan ng maaga.

* Mangyari lamang na mag-ingat kung kayo ay tatanggap ng suporta para sa pagpasok sa paaralan sa pamamagitan ng bank transfer, dahil sakaling mali ang impormasyong gaya ng bank account number na inyong naipasa sa paaralan ay maaari kayong pagbayarin ng singil para sa pagbabalik, pagwawasto, paggawa muli ng bank transfer, at iba pa para maideposito itong muli sa tamang account.

* Kung kayo ay may hindi mabayarang bayarin sa paaralan ay maaaring gamitin ang suporta (ilaan sa halagang hindi pa nababayaran) para rito.

# 3 Paraan ng Aplikasyon

Kung nais ninyong makatanggap ng suporta, sumangguni sa “11 Sample ng Application Form at mga Paalala sa Pagpuno“, punan ang mga kinakailangan sa “Application Form ng Suporta para sa Pagpasok sa Paaralan ng School Year 2025, at ipasa ito kasama ang mga kalakip na dokumento kung kailangan.

Makipag-ugnayan sa inyong paaralan kung kayo ay walang kopya ng application form.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Pagpapadalhan | Paaralang pinapasukan ng inyong anak Person-in-Charge: Administrasyon ng bawat paaralan | | |
| Panahon ng Aplikasyon | Unang Aplikasyon | Abril | Mangyari lamang na kumpirmahin ang anunsyo mula sa inyong paaralan para sa mga detalye |
| | Karagdagang Aplikasyon | Mula Hulyo hanggang sa Pebrero ng susunod na taon | |

* Kung kayo ay mayroong 2 o higit na anak, magpasa ng 1 application form para sa bawat 1 anak.
* Kailangang mag-apply bawat taon kung nais ninyong patuloy na makatanggap ng suporta.

# 4 Ang Pamantayang Kita para sa “(4) Mga Iba pang Naghihirap sa Kanilang Pinansya”

Mga mas mababa ang **kita** ng buong sambahayan sa sumusunod na pamantayang kita para sa taong 2024. Gayunpaman, may kaltas mula sa kita base sa kalagayan ng sambahayan.

(Sumangguni tungkol sa sambahayan sa pahina 5 ng “11 Sample ng Application Form at mga Paalala sa Pagpuno” *3.)

| Bilang ng Miyembro ng Sambahayan | 2 tao | 3 tao | 4 tao | 5 tao | 6 tao | 7 tao | 8 tao | 9 tao | 10 tao |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **Halaga ng Pamantayang Kita** | **2.50M yen** | **3.03M yen** | **3.44M yen** | **3.96M yen** | **4.42M yen** | **5.00M yen** | **5.48M yen** | **5.98M yen** | **6.28M yen** |

- Ang kita ay tumutukoy sa “Kabuuang Halaga ng Kita” ng Tax Certificate (Certificate of Tax Exemption). Ito ay tumutukoy sa “Halaga Matapos ang Pagkaltas sa Sahod” ng withholding slip para sa mga kumikita mula sa sahod, o sa “Kabuuang Halaga ng Kita, Atbp.” ng tax declaration para sa mga kumikita mula sa negosyo.
- Mangyari lamang na kayo ay mag-apply muna kung sakaling hindi kayo sigurado kung ang kita ng inyong buong sambahayan ay pasok sa pamantayan.
- **Tungkol sa Kaltas sa Kita**

  Gagamitin ang halaga matapos na makaltasan ang kita sa pagsisiyasat ng mga tao o sambahayang nasasaklaw ng mga sumusunod.

| | Kondisyon | Halagang Ikakaltas |
|---|---|---|
| A | Mga may kita mula sa sahod, mula sa mga public pension, atbp., o pareho | Maximum ng 100,000 yen mula sa kita bawat miyembro<br>(Ang halagang iyon kung ang kita ay mas mababa sa 100,000 yen) |
| B | Mga sambahayan ng single-parent o kung saan hindi magulang ang nagpapalaki sa anak | 350,000 yen mula sa kita ng sambahayan |
| C | Mga sambahayang mayroong higit sa isang kumikitang miyembro | Maximum ng 350k yen bawat kumikitang miyembro maliban sa pangunahing kumikita<br>(Ang halagang iyon kung ang kita ay mas mababa sa 350,000 yen) |
| D | Mga kasambahayang may mag-aaral na pumapasok sa special-needs class o special support school | 350,000 yen bawat miyembrong nasasaklaw |
| E | Mga sambahayang may miyembrong may kapansanan (mga mayroong Physical Disability Certificate, Certificate of Intellectual Disability (Ai no Techo), atbp.) | 350,000 yen bawat miyembrong nasasaklaw (maliban sa mga nasasaklaw sa D) |
| F | Mga sambahayang tumatanggap ng kaltas sa gastusing medikal | Halagang ikinakaltas sa gastusing medikal mula sa kita ng sambahayan |

[Halimbawa] Sa isang sambahayang may 5 miyembrong binubuo ng ama (kita mula sa sahod: 3.00M yen), ina (kita mula sa sahod: 1.70M yen), lola (kita: 0 yen), kuya (pumapasok sa special-needs class) at ng mag-aaral, at may 120,000 yen na kaltas sa gastusing medikal, ang kabuuang kita ay 4.70M yen, na nakahihigit sa pamantayang kita na 3.96 M yen.

⇓

Ang halaga ng kaltas ay, Kondisyon A: (ama) 100,000 yen + Kondisyon A: (ina) 100,000 yen + Kondisyon C: 350,000 yen + Kondisyon D: 350,000 yen + Kondisyon F: 120,000 yen, ay aabot sa kabuuang 1.02M yen. Base sa pagkaltas ng halagang ito mula sa kabuuang kita ng sambahayan, (4.70M yen − 1.02M yen =) ang 3.68M yen ay pasok sa halaga ng pamantayang kita ng sambahayang ito, at dahil dito ay maaari silang makatanggap ng suporta para sa pagpasok sa paaralan.

- **Pagkumpirma ng Halaga ng Kita gamit ang Witholding Slip**

Taong 2024 **Witholding Slip ng Kita mula sa Sahod**

Kung sahod lamang ang inyong pinagkakakitaan, gagamitin sa pagsisiyasat ang halagang ito matapos itong kaltasan ng maximum ng 100,000 yen.

* Kung marami kayong pinagtatrabahuhan o hindi kayo napasailalim sa year-end adjustment, hindi ang halagang ito kundi ang halaga ng kitang natukoy ng munisipalidad ang gagamitin sa pagtitiyak

| Tagapagtanggap ng Kabayaran | Address o Tirahan | 1-2-3 OO, OO-ku, Yohama City | Pangalan | |
|---|---|---|---|---|

| Uri | Halaga ng Kabayaran | Halaga Matapos ang Pagkaltas sa Sahod | Kabuuang Halaga ng Kaltas sa Kita | Halaga ng Withholding Tax |
|---|---|---|---|---|
| Sahod | mula sa yen 3,372,235 | yen 2,280,400 | yen 1,140,298 | yen 53,000 |

- **Pagsisiyasat sa Pamamagitan ng Kita para sa Taong 2025**
  Kung nais ninyong gamitin ang inyong kita para sa taong 2025 sa pagsisiyasat para sa suporta para sa pagpasok sa paaralan dahil sa biglaang pagbabago ng pinansya ng inyong sambahayan, atbp., maaaring ilakip ang withholding tax slip o tax declaration para sa taong 2025 at mag-apply mula Enero hanggang sa katapusan ng Pebrero 2026. Kung kayo ay maaprubahan, ibibigay ang suporta para sa pagpasok sa paaralan mula sa Abril 2025 kung walang pagbabago sa inyong sambahayan mula sa simula ng taon.

# 5 Pagsang-ayon sa Pagkumpirma ng Kita, Atbp.

Ang mga nasasaklaw ng alinman sa mga sumusunod na [Mga Kondisyon] at sang-ayon sa pagkumpirma ng kita, atbp. na isasagawa ng Board of Education ay **hindi kailangang maglakip ng katibayan**.

| | |
|---|---|
| [Mga Kondisyon] ng hindi kailangang maglakip ng dokumento | ● Nakarehistro ang tirahan sa Yokohama City noong Enero 1, 2025 at Nagdedeklara ng buwis gamit ang parehong pangalan sa Certificate of Residence, o maaaring makuha ang impormasyon ng buwis na hawak ng Yokohama City mula sa impormasyon sa Certificate of Residence<br>● Tumatanggap (o nakatakdang makatanggap) ng Child-Rearing Allowance sa Yokohama City |

Sa mga hindi nasasaklaw ng alinman sa kaliwa, mangyari lamang na basahin ang “6-2 Mga Dokumentong Ilalakip”

Ano ang “Pagkumpirma sa Kita, Atbp.”

Kukumpirmahin ng Board of Education ang kalagayan ng pagtanggap ng Child-Rearing Allowance, mga nilalaman ng Tax Certificate, atbp. base sa kanya-kanyang pagsang-ayon ng mga miyembro ng sambahayang higit sa 18 taong gulang sa nakaraang piskal na taon (na ipinanganak hanggang sa Abril 1, 2006). Gayunpaman, hindi kailangan ang pagsang-ayon ng mga hindi nasasaklaw ng [Mga Kondisyon] dahil hindi rin ito makukumpirma.

**<<Paraan ng Pagpuno ng Application Form Kung Sasang-ayon>>**

Isulat ang pangalan at itatak ang hanko ng aplikante (tagapangalaga) sa blangko para sa pangalan ng application form. Itatak ang hanko o pirmahan ng mga miyembrong sambahayan ang blangko para sa pagsang-ayon sa kanan ng blangko para sa pangalan.

# 6 Mga Dokumentong Ipapasa

## 6-1 Tungkol sa mga Dokumentong Ipapasa

| Mga Dahilan ng Aplikasyon (Tingnan ang Pahina 1) | Mga Dokumentong Ipapasa |
|---|---|
| (1) Mga Tumatanggap ng Pampublikong Tulong | Maaaring mag-apply gamit lamang ang application form. |
| (2) Mga Hindi na Nakatatanggap ng Pampublikong Tulong Matapos ang Abril 2024 | Maaaring mag-apply gamit lamang ang application form. |
| (3) Mga Tumatanggap ng Child-Rearing Allowance | Sa pangkalahatan, maaaring mag-apply gamit lamang ang application form.<br>Basahin ang 6-2 at maglakip ng mga dokumento kung kailangan.<br>(*Mangyaring mag-apply bilang aplikante na tagatanggap ng Child-Rearing Allowance ng naturang batang estudyante.) |
| (4) Mga Iba pang Naghihirap sa Kanilang Pinansya | Sa pangkalahatan, maaaring mag-apply gamit lamang ang application form.<br>Basahin ang 6-2 at maglakip ng mga dokumento kung kailangan. |

- Maging ang mga sumang-ayon sa pagkumpirma ng kita, atbp. ay hihilingan na magpasa ng dokumento sa ibang araw sakaling hindi makumpirma ang kanilang kita mula sa impormasyon ng buwis.
- Maaaring tanungin tungkol sa mga pangyayari o hilingan na magpasa ng iba pang dokumento ang mga nag-apply nang saklaw ng Mga Dahilan ng Aplikasyon ④ na **nagbago ang miyembro ng sambahayan ngayong taon dahil sa paghihiwalay, pagkamatay, atbp.** Maaari ring mahuli ang panahon ng pagbigay ng suporta.
- Basahin ang “6-2 Tungkol sa mga Dokumentong Ilalakip” at mag-apply ng may kalakip na mga dokumento kung nais ninyong mag-apply nang saklaw ng Mga Dahilan ng Aplikasyon ④ at base sa kita ng taong 2025, dahil hindi maisasagawa ang pagkumpirma ng kita, atbp. sa pamamagitan ng pagsang-ayon.

## 6-2 Tungkol sa mga Dokumentong Ilalakip

Mangangailangang maglakip ng dokumento ang mga nasasaklaw ng mga sumusunod na kondisyon.

◆ Mga Dahilan ng Aplikasyon ③ Mga Tumatanggap ng Child-Rearing Allowance

| Mga Nasasaklaw | Mga Kailangang Dokumento |
|---|---|
| Mga hindi sasang-ayon sa pagkumpirma ng kita, atbp<br>o<br>Kung ang tagatanggap ng Child-Rearing Allowance ng naturang bata ay hindi ang aplikante | ・ Kopya ng Child-Rearing Allowance Certificate (may bisa, hindi maaari ang orihinal na kopya) |

◆ Mga Dahilan ng Aplikasyon ④ Mga Iba pang Nahihirapan sa Kanilang Pinansya

<table>
<tr><th>Mga Nasasaklaw</th><th colspan="2">Mga Kailangang Dokumento (Ilakip ang Orihinal o Kopya)</th></tr>
<tr><td rowspan="2">Mga hindi sasang-ayon sa pagkumpirma ng kita, atbp.<br>o<br>Mga hindi nasasaklaw ng [Mga Kondisyon] sa 5</td><td>(Abril) Unang Aplikasyon</td><td>Alinman sa mga sumusunod na dokumento<br>・ Withholding Slip ng taong 2024 (na sumailalim sa year-end adjustment)<br>・ Table 1 at 2 ng Tax Declaration ng taong 2024 (Certificate of Declaration kung e-Tax)<br>(kopya ng dokumentong tinanggap ng tax office, at iba pa)</td></tr>
<tr><td>(Mula Hulyo) Karagdagang Aplikasyon</td><td>Alinman sa mga sumusunod na dokmento (Makakukuha ng mga dokumento mula Hunyo.)<br>・ Municipal, Prefectural, Forest Environmental Tax Certificate (Certificate of Tax Exemption) ng taong piskal ng 2025 (na walang ligta)<br>・ Notification of Special Collection Amount for the Municipal, Prefectural, Forest Environmental Tax ng taong piskal ng 2025<br>・ Notification of Determined Amount for the Municipal, Prefectural, Forest Environmental Tax ng taong piskal ng 2025</td></tr>
<tr><td>Mga magpapasa ng Income Certificate ng taong piskal ng 2025</td><td colspan="2">Withholding Slip ng taong piskal ng 2025 (na ginawan ng year-end adjustment) o kopya ng Table 1 at 2 ng Tax Declaration na tinanggap ng tax office (Certificate of Declaration kung e-Tax)</td></tr>
</table>

(Paunawa) Hindi maaaring gamitin ang Withholding Slip kung may ibang kita o kung nakakuha ng trabaho o nag-resign sa taon na iyon.

(Paunawa) Kailangan ng katibayan para sa lahat ng miyembrong higit sa 18 taong gulang (na ipinanganak hanggang Abril 1, 2006) sa nakaraang piskal na taon na wala sa pangangalaga ng pamilya.

(Paunawa) Maaari kayong hilingan ng pagkumpirma sa nilalaman ng mga nakalakip na dokumento o pagpasa ng mga karagdagang impormasyon.

# 7 Pag-abiso ng Resulta at Takng Panahon ng Pagbibigay ng Suporta

Kayo ay aabisuhan sa resulta ng pagsisiyasat (aprubado, hindi aprubado, atbp.) sa pamamagitan ng inyong paaralan. Nakatakdang maabisuhan ang mga nag-apply sa unang applikasyon sa katapusan ng Hulyo. Aabisuhan rin ang mga may kulang na dokumento at ang mga hindi aprubado bilang resulta ng pagsisiyasat.

Dahil ibibigay ang suporta para sa pagpasok sa paaralan sa pamamagitan ng inyong paaralan, **kayo ay aabisuhan ng inyong paaralan tungkol sa mga detalye ng panahon ng pagbibigay ng suporta, atbp**.

<table>
<tr><th rowspan="2">Uri ng Suportang Ibibigay</th><th rowspan="2">Pambayad sa Paghahanda sa Pagpasok sa Paaralan</th><th rowspan="2">Pambayad sa School Supplies, Atbp.</th><th rowspan="2">Pambayad sa mga Extracurricular Activity na may Kasamang Overnight</th><th rowspan="2">Pambayad sa mga School Trip</th><th colspan="2">Pambayad sa mga Club Activity</th><th rowspan="2">Pambayad sa Graduation Album, Atbp.</th><th rowspan="2">Pambayad sa Pagkain sa Paaralan</th></tr>
<tr><th>Elementarya</th><th>Junior High School</th></tr>
<tr><td>Unang Trimester (para sa Abril hanggang Hulyo)<br>Ibibigay sa dulo ng Hulyo</td><td>○<br>(Ibibigay ng buo)<br>(Para lamang sa ika-1 baytang ng elementarya at junior high school)</td><td>○</td><td colspan="2" rowspan="3">Ibibigay pagkatapos ng kaganapan<br>(Ilang buwan matapos ang kaganapan)</td><td>—</td><td>○</td><td>—</td><td rowspan="3">Katumbas ng kabuuang halaga</td></tr>
<tr><td>Pangalawang Trimester (para sa Agosto hanggang Nobyembre)<br>Ibibigay sa dulo ng Nobyembre</td><td>○<br>(Para lamang sa ika-6 na baytang ng elementarya)</td><td>○</td><td>—</td><td>○</td><td>—</td></tr>
<tr><td>Pangatlong Trimester (para sa Disyembre hanggang Marso)<br>Ibibigay sa kalagitnaan ng Marso</td><td>—</td><td>○<br>(May pag-aadjust ng butal)</td><td>○<br>(Taunang halaga)</td><td>○<br>(May pag-aadjust ng butal)</td><td>○<br>(Para lamang sa ika-6 na baytang ng elementarya at ika-3 baytang ng junior high school)</td></tr>
</table>

* Ang nakatakdang panahon ng pagbibigay ng bawat uri ng suporta ay naaayon sa talaan. Gayunpaman, maaari itong bahagyang mapaaga o mahuli.
* Maaaring pagsabayin ang pagbigay ng suporta sa pangalawa o pangatlong trimester depende sa panahon ng pagpasa ng mga dokumento.
* Ang payment coupon ng Pambayad sa Paghahanda sa Pagpasok sa Paaralan para sa mga magaaral sa ika-6 na baytang ng elementarya (na gagamitin sa pagbili ng uniporme, atbp.) ay nakatakdang ibahagi sa Enero, 2026.
* Mangyari lamang na tingnan ang "9 Tungkol sa Pambayad sa Pagkain sa Paaralan ng Junior High School" para sa detalye ng "pagkain sa paaralan" ng junior high school.

# 8 Tungkol sa Pambayad sa Pagkain sa Paaralan ng Elementarya

## 8-1 Pambayad sa Pagkain sa Paaralan ng Elementarya habang Nag-aapply para sa Suporta para sa Pagpasok sa Paaralan

◆ Kung kayo ay kwalipikado sa Suporta para sa Pagpasok sa Paaralan hanggang sa katapusan ng nakaraang school year (katapusan ng school year 2024)
Hindi ninyo kailangang magbayad hanggang dumating ang resulta ng pagsisiyasat.
Kahit hindi ninyo kailangang magbayad ay maaari ninyo pa ring bayaran ang pagkain sa paaralan kung inyo itong sasabihin sa inyong paaralan.

◆ Kung kayo ay unang beses na mag-aapply ngayong school year (school year 2025) o hindi kayo kwalipikado sa Suporta para sa Pagpasok sa Paaralan noong nakaraang school year (katapusan ng school year 2024) ay pagbabayarin hanggang dumating ang resulta ng pagsisiyasat.
Kung kayo ay maaprubahan, isasauli ang inyong ibinayad sa pagkain sa paaralan ng elementarya.

◆ Mga Bagong Pasok sa Ika-1 Baytang
Kung pumapasok sa elementarya ang nakatatandang kapatid ng mag-aaral noong school year 2024 at kwalipikado sila sa Suporta para sa Pagpasok sa Paaralan hanggang sa katapusan ng school year 2024 ay hindi ninyo kailangang magbayad hanggang sa dumating ang resulta ng pagsisiyasat.

## 8-2 Pambayad sa Pagkain sa Paaralan ng Elementarya Matapos ang Pagsisiyasat

[Kung Kayo ay Naaprubahan] Hindi kailangang magbayad.
Panahon ng pagsasauli ng inyong ibinayad sa pagkain sa paaralan ng elementarya (Magkaiba ang panahon ng pagbibigay ng pambayad sa school supplies at ng pagsasauli ng ibinayad sa pagkain sa paaralan ng elementarya)

| Pagpadala ng Abiso ng Resulta ng Pagsisiyasat | Pagpadala ng Abiso ng Pagbayad | Halagang Isasauli | Takdang Buwan ng Pagdeposito |
|---|---|---|---|
| Dulo ng Hulyo | Kalagitnaan ng Setyembre | Halagang Binayaran | Dulo ng Setyembre |
| Mula kalagitnaan ng Setyembre hanggang kalagitnaan ng Oktubre | Kalagitnaan ng Disyembre | Halagang Binayaran | Dulo ng Disyembre |
| Mula kalagitnaan ng Nobyembre hanggang kalagitnaan ng Marso | Kalagitnaan ng Abril | Halagang Binayaran | Umpisa ng Mayo |

[Kung Kayo ay Hindi Naaprubahan] Pagbabayarin ng buo ayon sa talaan sa ibaba. (Ang mga halaga ay estimasyon lamang)

| Pagpadala ng Abiso ng Resulta ng Pagsisiyasat | Pagpadala ng Abiso ng Pagbayad | Halagang Babayaran (Pagkakahati) | Araw ng Pagdeposito |
|---|---|---|---|
| Dulo ng Hulyo | Kalagitnaan n Agosto | 18,400 yen (Mayo hanggang Agosto) | Agosto 29 |
| Hanggang sa kalagitnaan ng Setyembre | Kalagitnaan ng Oktubre | 27,600 yen (Mayo hanggang Oktubre) | Oktubre 29 |
| Hanggang sa kalagitnaan ng Oktubre | Kalagitnaan ng Nobyembre | 32,200 yen (Mayo hanggang Nobyembre) | Disyembre 1 |

[Kung Hindi Lumabas ang Resulta ng Pagsisiyasat nang Oktubre] Pagbabayarin ng buo ayon sa talaan sa ibaba.

| | | | |
|---|---|---|---|
| - | Kalagitnaan ng Nobyembre | 32,200 yen (Mayo hanggang Nobyembre) | Disyembre 1 |

# 9 Tungkol sa Pambayad sa Pagkain sa Paaralan ng Junior High School

## 9-1 Pambayad sa Pagkain sa Paaralan ng Junior High School

Kayo ay oorder ng pagkain sa paaralan gamit ang “Junior High School Meal Ordering System” gamit ang internet o inyong smartphone. Para sa mga naaprubahan ang suporta para sa pagpasok sa paaralan, walang bayad ang pagkain na inorder pagkatapos maaprubahan.
(Para sa mga may account na para sa pag-order ng pagkain sa junior high school, makakatanggap ng impormasyon sa nakarehistrong email address. Para sa mga bagong gagamit ng sistema ng pag-order ng pagkain sa junior high school, ipapadala ng paaralan ang impormasyon tungkol sa paggamit nito nang walang bayad pagkatapos maaprubahan.)

## 9-2 Pambayad sa Pagkain sa Paaralan ng Junior High School habang Nag-aapply para sa Suporta para sa Pagpasok sa Paaralan

◆ Kung kayo ay kwalipikado sa Suporta para sa Pagpasok sa Paaralan hanggang sa katapusan ng nakaraang school year (katapusan ng school year 2024)
Maari ninyong makuha ng walang bayad ang pagkain sa paaralan ng junior high school hanggang sa Hulyo 31, 2025. Kung kayo ay maaprubahan bilang resulta ng pagsisiyasat ay patuloy ninyo itong makukuha ng walang bayad. Kung kayo ay hindi maaprubahan ay magkakaroon ng bayad mula sa inyong order ng pagkain sa paaralan pagkalipas ng pagsara sa summer (summer vacation).
Gayundin, kung hindi umabot sa unang aplikasyon ang inyong aplikasyon ng suporta para sa pagpasok sa paarala ay magkakaroon ng bayad mula sa inyong order ng pagkain sa paaralan matapos ang pagsara sa summer.

- ◆ Para sa mga unang beses na mag-aapply ngayong school year (school year 2025) at mga hindi kwalipikado sa Suporta para sa Pagpasok sa Paaralan noong nakaraang school year (katapusan ng school year 2024)
  Magiging kwalipikado para mapawalang bayad matapos maaprubahan ang suporta para sa pagpasok sa paaralan ng school year 2025.
  (Matapos kayong maging kwalipikado para mapawalang bayad, awtomatikong magsisimula ang regular order sa pamamagitan ng inyong pagrehistro sa ordering system.)
  Kung kayo ay hindi maaprubahan bilang resulta ng pagsisiyasat ay magkakaroon ito ng bayad.

### 9-3 Kung Napaliban ang Pag-apruba Dahil sa Kakulangan ng Dokumento, Atbp. Matapos ang Aplikasyon

- ◆ Kung kayo ay kwalipikado sa Suporta para sa Pagpasok sa Paaralan hanggang sa katapusan ng nakaraang school year (katapusan ng school year 2024)
  Maari ninyo itong makuha ng walang bayad hanggang sa masigurado ang resulta ng suporta para sa pagpasok sa paaralan n school year 2025. Kung kayo ay maaprubahan bilang resulta ng pagsisiyasat ay patuloy ninyo itong makukuha ng walang bayad. Kung kayo ay hindi maaprubahan ay magkakaroon ng bayad mula sa araw ng pag-abiso ng resulta ng pagsisiyasat.
- ◆ Kung kayo ay unang beses na mag-aapply ngayong school year (school year 2025) o nag-apply kaoy noong nakaraang school year ngunit hindi kayo naaprubahan
  Ito ay may bayad habang napapaliban ang pag-apruba sa suporta para sa pagpasok sa paaralan, ngunit kung kayo ay maaprubahan pagkatapos ng pagpapaliban nito, kayo ay magiging kwalipikado para mapawalan ng bayad.
  (Matapos kayong maging kwalipikado para mapawalang bayad, awtomatikong magsisimula ang regular order sa pamamagitan ng inyong pagrehistro sa ordering system.)

## 10 Iba pang Bagay/Mga Dapat Alalahanin

- ＊ Upang makapag-aral ang inyong anak ng panatag ang kalooban, aming pangangasiwaan ang nilalaman ng inyong aplikasyon, abiso ng resulta, atbp. ng may sapat na pag-iingat sa inyong privacy.
- ＊ **Kung may pagbabago sa nilalaman ng application form** (tulad ng kung may pagbabago sa sitwasyon ng sambahayan tulad ng panganganak, kasal, o diborsyo) pagkatapos mag-apply para sa suporta para sa pagpasok sa paaralan, **mangyaring ipaalam agad sa paaralan.**
- ＊ Kung mapag-alamang ang nilalaman ng inyong aplikasyon ay kasinungalingan o hindi makatarungan, tulad ng hindi totoong dahilan ng aplikasyon, atbp., o na inyong ginamit ang ibinigay na suporta sa mga bagay maliban sa orihinal na layunin, ay mapapawalang bisa ang inyong kwalipikasyon at maaaring ipasauli sa inyo ang suporta.

## 11 Sample ng Application Form at mga Paalala sa Pagpuno

＊1 Ang taas ng application form ay para punan ng tagapangalagang nais tumanggap ng suporta. Kasama ang pagsang-ayon sa pagpauubaya ng pangangasiwa sa principal ng paaralan at pagkumpirma ng kita, atbp. ng Board of Education sa pupunan kaya basahin ito ng mabuti bago punan.

＊2 Punan ang pangalan ng inyong anak na mag-aapply sa kanang itaas. Kailangan ng 1 application form bawat 1 estudyante ninyong mag-aapply.

＊3 Maliban sa mag-aaral at aplikante, kailangan ring ilista ang kalagayan ng sambahayan sa pag-apply sa Sistema ng Suporta para sa Pagpasok sa Paaralan.

Mga miyembro ng sambahayang kailangan ninyong ilista sa kalagayan ng sambahayan

- Mga kasamang naninirahan (maging ang mga miyembro ng ibang sambahayan sa Certificate of Residence)
- Mga kasama sa kabuhayang hindi kasamang naninirahan dahil sa trabaho, atbp. (Bilang pangkalahatang tuntunin, kabilang ang mga legal guardian kahit magkahiwalay ang kanilang gastusin sa pamumuhay)
- Mga kamag-anak na tinutustusan sa malayong lugar (para lamang sa mga maaaring makumpirma ang pagtututos gamit ang Tax Certificate, atbp.)

Dahil ito ay sistemang sumasailalim sa Pampublikong Tulong, sisiyasatin ang mga kasamang naninirahan o sa kabuhayan bilang miyembro ng parehong sambahayan

＊4 Markahan ng ☑ ang angkop na paraan sa Form 17-1(Application Form para sa Pagtanggap) para sa paraan ng pagtanggapng suporta. Kung nais ninyong ipadeposito ang suporta sa inyong bank account, ipahayag ang inyong bank account sa pamamagitan ng Request Form para sa Pagdeposito na nasa ibaba nito. Isulat ng pareho ang pangalan ng aplikante at account holder.

ア Punan ng petsa ng pagpasa sa paaralan.

イ Siguraduhing isulat ang buong pangalan at tatakan g hanko ng aplikante

ウ Punan ng relason ng miyembro sa mag-aaral. Hal.: Ama, Ina, Kuya, Ate, Batang Kapatid na Lalaki, Batang Kapatid na Babae, Lolo, Lola, atbp.

オ Markahan ng ☑ kung kayo ay nakatanggap na ng pambayad sa paghahanda sa pagpasok sa paaralanmula sa ibang lungsod, o kung ang mag-aaral na nakalista sa ① ay nasa ika-1 baytang ng elemetarya o junior high school.

エ Punan ang "Kalagayan ng Katawan" ng "Disability Rank" kung ang inyong anak ay may Physical Disability Certificate, at "Special Needs" kung saklaw siya ng special needs classes. At punan ng "Tumatanggap ng Disability Pension" kung kayo ay tumatanggap ng disability pension.

カ Markahan ng ang angkop na dahilan ng aplikasyon mula sa 1 hanggang 4. Mangyari lamang na pumili ng karagdagang dahilan para sa "Dahilan ng Aplikasyon 4".

**(Sample)**

横浜市教育委員会教育長

私は、次の理由により就学援助を申請します。
なお、援助費の請求・受領・戻入・充当・復委任に関することは校長に委任します。
また、教育委員会による私の所得等の確認について同意します。(※)

令和 7 年 4 月 10 日 ア　　申請者氏名欄に必ず押印して下さい。

学校名: Minatocho 小・中(circled) 学校　1 年 1 組

② 申請者(保護者)

| | |
|---|---|
| フリガナ / 氏名 | Yokohama Taro イ (印: 横浜) |
| 児童生徒との続柄 | Ama ウ |
| 現住所 | 横浜市 Naka 区 Honcho 6-50-10 |
| 電話番号 | ○○○(×××)△△△△ |
| 障害等級・障害年金受給状況等 エ | Tumatanggap ng Disability Pension |
| 生年月日 | ☑昭和 □平成 □西暦 55 年10月 2 日 |
| 職業 | Empleyado |

① 児童生徒

| | |
|---|---|
| フリガナ / 氏名 | Yokohama Jiro |
| 生年月日 | □平成 ☑西暦 2012年 12 月 12 日 |
| 個別級在籍・障害等級・障害年金受給状況等 | Individual rank |

※所得等の確認は、ご本人の同意に基づいて行います。申請者の方が確認に同意されない場合は、申請文にある「また、教育・・・同意します」の部分を二重線で削除してください。

**世帯状況：上記「①児童生徒」「②申請者(保護者)」以外の世帯員全員（記入日現在）を記入してください。**
（祖父母、同居人等の同一住所の方についても忘れずに記入してください。）

| | 世帯員氏名（上記児童生徒・申請者以外） | 児童生徒との続柄 | 所得等の確認について（18 歳以上の方のみ） | 生年月日 | 個別級在籍・障害等級 障害年金受給状況等 | 職業及び在学校名 |
|---|---|---|---|---|---|---|
| ③ | Yokohama Hanako | Ina ウ | 同意する場合は本人の印または署名（フルネーム） Yokohama Hanako 印（ ） | □大正 ☑昭和 □平成 □令和 □西暦 58. 6 .10 | エ | Part-time |
| ④ | Yokohama Ichiro | Kuya | 同意する場合は本人の印または署名（フルネーム） 印（ ） | □大正 □昭和 □平成 □令和 ☑西暦 2010. 4 .20 | B2 | Ika-3 baytang ng Minatocho Junior High School |
| ⑤ | Sekiuchi Kazuo | Lolo | 同意する場合は本人の印または署名（フルネーム） 印（ ） | □大正 ☑昭和 □平成 □令和 □西暦 26・11・16 | Disability Rank 3 | wala |
| ⑥ | | | 同意する場合は本人の印または署名（フルネーム） (印: 関内)（ ） | □大正 □昭和 □平成 □令和 □西暦 . . | | |
| ⑦ | | | 同意する場合は本人の印または署名（フルネーム） 印（ ） | □大正 □昭和 □平成 □令和 □西暦 . . | | |
| ⑧ | | | 同意する場合は本人の印または署名（フルネーム） 印（ ） | □大正 □昭和 □平成 □令和 □西暦 . . | | |

上記世帯員のうち、申請者と異なる住所の方がいる場合、その方の氏名及び住所をお書きください。

添付書類がある場合は☑をしてください ☑
例　所得を証明する書類など

◎ オ 小学校 1 年生・中学校 1 年生で下記に該当する方のみ☑をしてください。
☑ 他都市において、受給・申請を含む入学準備費に関する手続きを、申請日現在、申請児童生徒本人について行っている
※兄弟姉妹の受給・申請ではありません。

◎ **全員ご記入・ご回答ください**（該当する項目に☑をしてください）
【該当理由】 カ

- □ ①現在、生活保護を受けている【理由 1】
- □ ②令和 6 年 4 月以降、生活保護が停止または廃止になった【理由 2】
- □ ③児童扶養手当を受給または申請中である【理由 3】
  ※児童手当・特別児童扶養手当のことではありません
- ☑ ④その他経済的に困っている【理由 4】 → 下記の該当する項目に☑をしてください

□ ひとり親家庭だが児童扶養手当を受給できない ⇨ （□基準を超える所得がある　□遺族年金受給　□同居者がいる　）

その他：□離職 / □死別 / □離婚 （ 年 月）←日付を記入してください

- ☑ 高額な医療費がかかる
- □ 扶養家族が多く、経済的に困難である
- □ 職業が不安定なため経済的に困難
- □ 収入が減少した・少ないため
- □ 病気や家庭の事情で思うように働けない
- □ その他（ ）

# 12 Mga Madalas na Katanungan

Q1 Kailangan ba ang kanya-kanyang aplikasyon para sa magkakapataid?

A1 Kailangan. Kinakailangan ng 1 application form bawat mag-aaral kaya aming hinihiling na kanya-kanya ninyo silang pag-applyan.

Q2 Sino ang magpupuno sa application form?

A2 Mangyari lamang na punan ng isang kasamang naninirahan o sa kabuhayan, dahil sisiyasatin sila bilang miyembro ng parehong sambahayan. (Dahil ito ay sistemang sumasailalim sa Pampublikong Tulong)

- Mga kasamang naninirahan (maging ang mga miyembro ng ibang sambahayan sa Certificate of Residence)
- Mga kasama sa kabuhayang hindi kasamang naninirahan dahil sa trabaho, atbp. (Bilang pangkalahatang tuntunin, kabilang ang mga legal guardian kahit magkahiwalay ang kanilang gastusin sa pamumuhay)
- Mga kamag-anak na tinutustusan sa malayong lugar (para lamang sa mga maaaring makumpirma ang pagtututos gamit ang Tax Certificate, atbp.)

Q3 Aling kita ang sisiyasatin ninyo?

A3 Sisiyasatin ang kabuuang kita ng sambahayan mula Enero hanggang Disyembre, 2024. Gayunpaman, kung nais ninyong gamitin ang kita ng 2025 sa pagsisiyasat para sa suporta para sa pagpasok sa paaralan dahil sa biglaang pagbabago ng pinansiya ng inyong sambahayan, atbp., maaaring ilakip ang withholding tax slip o tax declaration para sa taong 2025 at mag-apply mula Enero hanggang sa katapusan ng Pebrero 2026.

Q4 Maaari ba kaming mag-apply kahit hindi ko alam kung mas mababa sa pamantayang halaga ang kabuuan naming kita noong nakaraang taon?

A4 Ang kabuuang kita ng nakaraang taon ay ang halagang nakalista sa "Halaga Matapos ang Pagkaltas sa Sahod" ng withholding slip, "Kabuuan" ng halaga ng kita sa Table 1 ng tax declaration kaya sumangguni kayo rito. Gayundin, mangyari lamang na kayo ay mag-apply muna kung sakaling hindi kayo sigurado kung ang kita ng inyong buong sambahayan ay pasok sa pamantayan.

Q5 Kailan ang unang panahon ng pagbigay ng suporta?

A5 Kung kayo ay nagpasa sa unang aplikasyon ng school year (iba ang deadline depende sa paaralan), ay nakatakda itong ibigay sa dulo ng Hulyo. Gayunpaman, ang suporta para sa aktwal na gastusin tulad ng school trip, extracurricular activity na may kasamang overnight, atbp. ay ibigbigay ilang buwan matapos ang kaganapan.

Q6 Hindi ba malalaman ng ibang pamilya na tumatanggap kami ng suporta para sa pagpasok sa paaralan?

A6 Ang pagproseso sa Sistema ng Suporta para sa Pagpasok sa Paaralan ay isasagawa nang hindi nalalaman ng ibang pamilya, at sapat na pag-iingatan upang hindi malaman ng ibang mga mag-aaral.

# 13 Para sa mga Katanungan

Paaralang pinapasukan ng inyong anak — Person-in-Charge: Administrasyon ng bawat paaralan

O ang Yokohama City Board of Education

Tungkol sa pangkalahatang sistema tulad ng paraan ng aplikasyon, atbp.
School Support/Regonal Alliance Section, School Entrance PIC: TEL 671-3270

Tungkol sa "Pambayad sa Pagkain sa Paaralan ng Elementarya"
Health & Meal Education Section, School Meal PIC: TEL 671-3696

Tungkol sa "Pambayad sa Pagkain sa Paaralan ng Junior High School"
Health & Meal Education Section, School Meal PIC: TEL 671-4635

Tungkol sa "Pambayad sa Paggamot ng mga Sakit sa Paaralan", "Kontribusyon ng mga Tagapangalaga sa Japan Sport Council"
Health & Meal Education Section, School Meal PIC: TEL 671-3275

# Application Form ng Suporta para sa Pagpasok sa Paaralan ng School Year 2025

Application No.

Mangyari lamang na sumangguni sa sample na nasa ibang pahina at punan ang loob ng makapal na kahon.
Markahan ng ☑ ang mga naaangkop na bagay.

Direktor ng Yokohama City Board of Education
Ako ay nag-aapply ng suporta para sa pagpasok sa paaralan dahil sa sumusunod.
Gayundin, aking pinapaubaya sa school principal ang pagsingil, pagtanggap, pagsauli, paglaan at pag-uubaya ng pangagasiwa ng suporta.
Ako rin ay sumasang-ayon sa pagkumpirma ng Board of Education sa aking kita, atbp. (*)
Reiwa Taon Buwan Araw — Siguraduhing tatakan ng hanko ng aplikante.

**② Aplikante (Tagapangalaga)**

| | | | |
|---|---|---|---|
| Furigana | | seal | Relasyon sa Mag-aaral |
| Pangalan | | | |
| Kasalukuyang Tirahan: Yokohama City Ward | | | |
| Telepono | | Araw ng Kapanganakan: ☐ Showa ☐ Heisei ☐ Western Calendar — Taon Buwan Araw | Trabaho |
| Disability Rank/ Pagtanggap ng Disability Pension, atbp. | | | |

**① Mag-aaral**

| | |
|---|---|
| Pangalan ng Paaralan | Elementary School / Junior High — Baytang Section |
| Furigana | |
| Pangalan | |
| Araw ng Kapanganakan | ☐ Heisei ☐ Western Calendar — Taon Buwan Araw |
| Naka-enroll sa special needs class / Disability Rank / Pagtanggap ng Disability Pension, atbp. | |

* Ang pagkumpirma ng kita, atbp. ay base sa inyong pagsang-ayon. Kung hindi kayo sang-ayon sa pagkumpirma ay inyong burahinang bahaging "Ako rin ay sumasang-ayon… atbp." ng application form gamit ang dalawang linya.

**Kalagayan ng Sambahayan: Punan ng impormasyon ng lahat ng kasalukuyang miyembro ng sambahayan maliban sa "① Mag-aaral" at "② Aplikante (Tagapangalaga)" sa itaas.**
(Huwag kalimutang punan ng impormasyon ng mga kasamang naninirahan sa iisang address gaya ng lolo't lola, atbp.)

| | Pangalan ng Miyembro ng Sambahayan (Maliban sa Mag-aaral at Aplikante) | Relasyon sa Mag-aaral | Tungkol sa Pagkumpirma sa Kita, Atbp. (Para lamang sa mga higit sa 18 taong gulang) | Araw ng Kapanganakan | Naka-enroll sa special needs class / Disability Rank / Pagtanggap ng Disability Pension, atbp. | Trabaho o Paaralan |
|---|---|---|---|---|---|---|
| ③ | | | Pirmahan o tatakan ng hanko kung sang-ayon ⇩ (Buong Pangalan) (seal) ( ) | ☐Taisho ☐Showa ☐Heisei ☐Reiwa ☐Western Calendar / / | | |
| ④ | | | Pirmahan o tatakan ng hanko kung sang-ayon ⇩ (Buong Pangalan) (seal) ( ) | ☐Taisho ☐Showa ☐Heisei ☐Reiwa ☐Western Calendar / / | | |
| ⑤ | | | Pirmahan o tatakan ng hanko kung sang-ayon ⇩ (Buong Pangalan) (seal) ( ) | ☐Taisho ☐Showa ☐Heisei ☐Reiwa ☐Western Calendar / / | | |
| ⑥ | | | Pirmahan o tatakan ng hanko kung sang-ayon ⇩ (Buong Pangalan) (seal) ( ) | ☐Taisho ☐Showa ☐Heisei ☐Reiwa ☐Western Calendar / / | | |
| ⑦ | | | Pirmahan o tatakan ng hanko kung sang-ayon ⇩ (Buong Pangalan) (seal) ( ) | ☐Taisho ☐Showa ☐Heisei ☐Reiwa ☐Western Calendar / / | | |
| ⑧ | | | Pirmahan o tatakan ng hanko kung sang-ayon ⇩ (Buong Pangalan) (seal) ( ) | ☐Taisho ☐Showa ☐Heisei ☐Reiwa ☐Western Calendar / / | | |

Mangyari lamang na isulat ang pangalan at tirahan ng miyembro ng sambahayang nakatira sa ibang address.

Markahan ng ☑ kung may nakalakip na dokumento. ☐
Hal.: Katibayan ng kita, atbp.

◎ Markahan lamang ng ☑ kung ang mag-aaral ay **nasa ika-1 baytang ng elementarya o junior high school** at nasasaklaw ng sumusunod.

☐ Kasalukuyang tumatanggap o nag-aapply para sa pambayad sa paghahanda para sa pagpasok sa paaralan sa ibang lungsod para mismo sa mag-aaral.
* Hindi kabilang ang pagtanggap o pag-apply para sa kanyang mga kapatid.

◎ **Mangyari lamang na punan/sagutan para sa lahat** (Markahan ng ☑ ang mga naangkop na kasagutan)
[Dahilan ng Pagkasaklaw]

☐ ① Kasalukuhang tumatanggap ng Pampublikong Tulong [Dahilan 1]

☐ ② Napawalang bisa ang Pampublikong Tulong mula noong Abril 2024 [Dahilan 2]

☐ ③ Tumatanggap o nag-aapply para sa Child-Rearing Allowance [Dahilan 3]
*Ito ay naiiba sa Child Allowance at Special Child-Rearing Allowance.

☐ ④ Iba pang Naghihirap sa Pinansya [Dahilan 4] → Markahan ng ☑ ang naaangkop na dahilan sa ibaba

☐ Sambahayan ng single-parent ngunit hindi makatanggap ng Child-Rearing Allowance ⟹ ( ☐May kitang higit sa pamantayan ☐Tumatanggap ng death pension ☐May kasama sa bahay )

Iba pa: ☐Pagkawalan ng trabaho / ☐Pagkamatay ng asawa / ☐Paghihiwalay ( Taon Buwan)←Isulat ang petsa

☐ Mahal ang pagpapagamot ☐ Nagigipit dahil maraming tinutustusang kapamilya ☐ Nagigipit dahil sigurado ang trabaho

☐ Bumaba/maliit ang pinagkakakitaan ☐ Hindi makapagtrabaho dahil sa sakit o kalagayan ng pamilya ☐ Iba pa ( )

Pupunan ng Paaralan — Punan ito sa paaralan. (Huwag punan ng tagapangalaga)

◎ Ang nilalalaman ng application form ay gagamitin lamang sa pagproseso ng suporta para sa pagpasok sa paaralan at pangangasiwaan ng may sapat na pag-iingat sa inyong privacy.
◎ Ang application form ay ipapabasa sa makina upang maproseso. Punan ito ng maingat dahil maaaring mahuli ang pagbigay ng suporta kung hindi ito mabasa ng makina.

Kung may 2 o higit pa kayong anak sa parehong paaralan, magpasa lamang ng 1 form.

Taon Buwan Araw

Aplikante (Tagapangalaga)

Postal Code □□□-□□□□

Adddress Yokohama City Ward

______________________________

Pangalan ______________________________

# Application Form para sa Pagtanggap ng Suporta para sa Pagpasok sa Paaralan (at Request Form para sa Pagdeposito)

Sa pangkalahatan, ang suporta para sa pagpasok sa paaralan ay idedeposito sa inyong account. Mangyaring punan ang nasa ibaba.

Yokohama Municipal School Principal

Mangyari lamang na ideposito ang suporta sa sumusunod na account.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| Name of Financial Institution to be Deposited to | Bangko<br>Shinkin<br>Bank Branch | | | |
| Account Number | Savings/Current | | * Punan ang account number mula sa kanan Mangyari lamang na punan | |
| Bank Code | | Branch Code | | |
| Furigana | | | | |
| Account Holder (Applicant) | | | | |

(Paunawa)
1. **Account lamang ng aplikante (tagapangalaga) na nakalista sa application form** ang maaaring gamitin. Hindi maaaring magdeposito sa account ng inyong anak.
2. **Mangyari lamang na mag-ingat dahil sakaling my pagkakamali sa pagpuno ng impormasyon ng account na pagdedepositohan, ay maaari kayong pagbayarin ng singil para sa pagbabalik, pagwawasto, paggawa muli ng bank transfer, at iba pa para sa pagsauli ng naidepositong suporta para sa pagpasok sa paaralan at pagtama ng impormasyon**
3. Mangyari lamang na siguraduhing kumpirmahin ang inyong passbook bago punan ang pangalan ng bangko (branch), bank (branch) code at account number
4. Siguraduhing punan ang furigana ng account holder.
5. Punan ang account number gamit ang “account number para sa mga deposito” ng Yucho Bank.

Punan ang baytang, section at pangalan ng inyong anak na pinag-aapply.

| | | | |
|---|---|---|---|
| Baytang Section | Pangalan | Baytang Section | Pangalan |
| Baytang Section | Pangalan | Baytang Section | Pangalan |

- Hinihiling ang pagpasa ng dokumentong ito ng maaga kahit hindi pa kayo naaaprubahan ngayong school year, upang maproseso agad ang pagdeposito matapos ang desisyon. Ibabasura ng maayos ang dokumentong ito sakaling hindi kayo maaprubahan.
- Ipaalam agad sa paaralan sakaling may pagbabago sa inyong bank account, atbp. sa kalagitnaan ng school year.
- Kung kayo ay may hindi mabayarang bayarin sa paaralan ay maaaring gamitin ang suporta (ilaan sa halagang hindi pa nababayaran) para rito.
- Matapos kayong maaprubahan ay direktang idedeposito ang pambayad sa pagkain sa paaralan ng elementarya gamit ang suporta para sa pagpasok sa paaralan kaya mahihinto ang pagwithdraw mula sa inyong account. Isasauli sa account pinagwithdrawan ang nawithdraw nang halaga.

* Aming hinihiling ang inyong kooperasyon sa pagdeposito sa bank account nang malimita ang pangangasiwa ng cash.
* Markahan ng ☑ sa ibaba kung nais ninyong matanggap ang suporta ng hindi dinedeposito bank account dahil wala kayong bank account, atbp.

☐ Tatanggapin ng cash
(Mangyari lamang na magpunta sa paaralan at tanggapin ang suporta sa araw at oras na ididikta ng paaralan)